ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 2020-18

NAG-AATAS SA PAGBUO NG ISANG TECHNICAL WORKING GROUP (TWG) NA MAGSASAGAWA NG MASUSING PAG-AARAL AT PAGSUSURI PARA SA MGA ITATAKDANG BAYARIN SA PANININGIL NG BUTAW/BUWIS PARA SA "WASTE GENERATION" NG MGA ESTABLISIMYENTO AT NEGOSYO SA BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

SAPAGKAT, itinatadhana sa Seksyon 129 ng *Local Government Code* o *R.A. No. 7160,* ang pag-atas sa mga Lokal na Yunit ng Pamahalaan na gamitin ang kanilang kapangyarihan upang lumikha ng sariling mapagkukunan ng kita, magtakda ng mga buwis, bayad at singilin na napapailalim sa mga probisyon nito;

SAPAGKAT, alinsunod sa *Republic Act No. 9003* na may pamagat na *"An Act Providing for An Ecological Solid Waste Management Program, Creating the Necessary Institutional Mechanisms and Incentives, Declaring Certain Acts Prohibited and Providing Penalties, Appropriating Funds Therefor, and for Other Purposes",* ang Lokal na Yunit ng Pamahalaan ay magpapataw ng mga sapat na halaga upang mabayaran ang mga gastusin sa paghahanda, sa adaptasyon, at pagpapatupad ng isang solidong plano sa pamamahala ng basura. Ang mga bayarin ay dapat batay sa mga sumusunod: (a) uri ng solidong basura; (b) dami ng basura; at (c) distansya ng *transfer station* sa pasilidad ng pamamahala ng basura. Ang mga bayarin ay dapat gamitin upang mabayaran ang mga aktwal na gastos na natamo ng lokal na pamahalaan;

SAPAGKAT, kinakailangan ang pagbuo ng isang *Technical Working Group (TWG)* na magsasagawa ng isang masusing pag-aaral at pagsusuri hinggil dito;

NGAYON, SAMAKATWID, ako, **RICARDO M. SILVESTRE**, Punong Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay nag-aatas:

SEKSYON 1. PAGBUO NG TECHNICAL WORKING GROUP (TWG). - Sa pamamagitan ng Atas na ito ay nililikha ang isang *Technical Working Group* (TWG) na magsasagawa ng masusing pag-aaral at pagsusuri para sa mga itatakdang bayarin sa paniningil ng butaw/buwis para sa *"Waste Generation"* ng mga establisimyento at negosyo sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, na binubuo ng mga sumusunod:

TAGAPANGULO	:	**DR. MARTIN ARMANDO C. CRUZ** Pambayang Tanggapan ng Pahintulutan at Paglilisensya ng Negosyo
PANGALAWANG TAGAPANGULO:		**ENGR. REYNALDO BUENAVENTURA** Pambayang Seksyon ng Kalikasan at Likas na Yaman
KASAPIAN	:	**G. ROGELIO G. PASCUAL** Pambayang Tanggapan sa Pagpaplano at Pagpapaunlad
		ENGR. MAGTANGGOL SAN MIGUEL PambayangTanggapan ng Pag-iinhinyero

		GNG. EVELYN SAN MIGUEL Pambayang Tanggapan ng Kalusugan
EX-OFFICIO	:	**IGG. ALLANE T. SAYO** Lupon ng Pamamaraan at Pagkukunan
		IGG. MARLON O. VILLAMAR Lupon sa Kapaligiran
		IGG. MARK JOSEPH L. GUILLERMO Lupon sa Pananalapi at Laang-Gugulin
TAGAPAYO	:	**G. FROILAN R. ANGELES** Kawaksing Tagapagpaganap
KALIHIMAN	:	**MA. ELPILINDA E. GALLARDO** **EDEN F. SEGUBIENSE** Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Bayan
		MA. FERLINA J. CRUZ **JENNIFER DC. GARCIA** Tanggapan ng Pahintulutan at Paglilisensya ng Negosyo
		DAN EZEKIEL MARTIN Seksyon ng Kapaligiran at Likas na Yaman
		MARIA XENTI NARIO Tanggapan sa Pagpaplano at Pagpapaunlad

SEKSYON 2. MGA TUNGKULIN AT RESPONSIBILIDAD. - Ang *TWG* ay gaganap sa mga tungkulin at responsibilidad gaya ng mga sumusunod:

a. Suriin ang Pambayang Kautusan Blg. 622 at mga katulad nito mula sa mga karatig bayan at lungsod;

b. Makipag-ugnayan sa mga karatig na bayan at lungsod tungkol sa pagsubaybay ng mga regulasyon sa pagtatakda ng mga singilin sa pangongolekta ng basura sa ibat-ibang establisimyento at negosyo;

c. Alamin at kilalanin ang mga posibleng epekto nito sa larangan ng pagnenegosyo;

d. Magsagawa ng pananaliksik hinggil sa *"thumb rules"* ng *waste generation* ng mga industriya sa Bayan ng Marilao;

e. Magpasa sa Punong Bayan ng isang komprehensibong ulat ukol dito; at

f. Magsagawa ng iba pang mga kaugnay na gawain ayon sa hinihingi ng pagkakataon o sa tagubilin ng Punong Bayan.

SESYON 3. PAGPUNO SA BAKANTE. Ang anumang bakante sa pagiging kasapi ng *TWG* ay awtomatikong mapupuno ng kahalili na napili o hinirang ng Punong Bayan, at gaganap sa kasalukuyang termino. Ang pangalan ng kahalili ay ***ipso facto*** na kasama sa **Seksyon 1** ng Atas Tagapagpaganap na ito.

SEKSYON 4. SUGNAY NG PAGKAKAHIWALAY. Kung, sa anumang kadahilanan, ang anumang bahagi o probisyon ng Atas Tagapagpaganap na ito ay natagpuan na hindi naaayon sa Konstitusyon, ang iba pang mga bahagi o probisyon nito na hindi apektado ay magpapatuloy.

SEKSYON 5. SUGNAY NG PAGWAWALANG BISA AT PAGBABAGO. Ang lahat ng iba pang mga atas, mga patakaran, mga regulasyon o mga bahagi nito na hindi naaayon sa Atas Tagapagpaganap na ito ay pinapawalang-bisa o binabago nang naaayon.

SEKSYON 6. PAGKAKABISANG SUGNAY. Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay magkakabisang kagyat.

NILAGDAAN sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, ngayong ika-**30** ng **Hunyo**, sa taon ng Ating Panginoon, dalawang libo dalawampu.

(SGD.) RICARDO M. SILVESTRE
Punong Bayan